REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-23**

**KAUTUSAN NA PINAHIHINTULUTAN ANG PAGKAKALOOB NG HALAGANG LIMANDAANG LIBONG PISO (P500,000.00) KARAGDAGANG TULONG PINANSIYAL, SA MGA MAMAMAYANG TAGA-MUNTINLUPA NA NAGING BIKTIMA NG KALUNUS-LUNOS NA TRAHEDYA NG BANGGAAN NG TREN SA BARANGAY BULI, LUNGSOD NG MUNTINLUPA, NA KUKUNIN SA GENERAL FUND, EXECUTIVE BUDGET FOR 1997, NA DADAGDAGANG MULI (REPLENISH) MULA SA HINDI NAGAGAMIT NA HALAGA SA "CALAMITY FUND."**

*****************************************************************************************

Ipinanukala nina:
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*****************************************************************************************

**SAPAGKAT,** nang umaga ng **22 Setyembre 1997** isang kalunus-lunos na aksidente ng banggaan ng tren ang naganap sa Barangay Buli, Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa trahedyang naganap, **siyam (9)** na buhay ang nabuwis at **dalawandaan at dalawampu't lima (225)** ang malubhang nasugatan;

**SAPAGKAT,** nararapat na ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay magpaabot ng pangkaginhawahang operasyon at tulong sa mga mamamayan nito na naging biktima ng nakalulungkot na kapahamakan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na pahintulutan ang pagkakaloob ng halagang **Limang Daang Libong Piso (P500,000.00)** bilang karagdagang tulong pinansiyal sa mga mamamayang taga-Muntinlupa na naging biktima ng kalunus-lunos na trahedya ng banggaan ng Tren sa **Daang-Bakal sa Barangay Buli, Lungsod ng Muntinlupa;**

**PINAGPASIYAHAN PA,** na ang halagang nabanggit ay kunin sa **General Fund, Executive Budget for 1997,** na dadagdagang muli **(replenish)** mula sa hindi nagagamit na halaga sa **"Calamity Fund".**

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **22 Setyembre 1997** sa ginanap na **ika-98** Regular na Sesyon.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN:**

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:____________________